


## Ang gamit ng Kasiyana sa komunikasyon

Kimbes, Jandy

Benguet State University, Philippines ([Kimbesjandy930@gmail.com](mailto:Kimbesjandy930@gmail.com))

Bantowag, Catherine

Benguet State University, Philippines ([cathybantowag@gmail.com](mailto:cathybantowag@gmail.com))

Mede, Janet 

Benguet State University, Philippines ([j.mede@bsu.edu.ph](mailto:j.mede@bsu.edu.ph))



ISSN: 2243-7703  
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 19 August 2024

Available Online: 1 October 2024

Revised: 25 September 2024

DOI: 10.5861/ijrse.2024.24834

Accepted: 1 October 2024

### **Abstract**

This study was conducted to determine the use of the word *kasiyana* in communication and the culture contained in it. The quantitative method focused on the descriptive design was used in the research. The study participants were adults from the municipalities of Bauko, Besao, Sagada, Sabanga, and Tadian, Mt. Province. Based on the study conducted, the following was discovered: the use of the word *kasiyana* in communication is mercy, the concept of hope, the concept of giving and having hope, and the concept of good, while the culture contained in the word *kasiyana* is positive view. From the findings of the study, the following was formed: the word *kasiyana* is not just a common word used in communication because it has the power to move a person, and there is a culture contained in the word *kasiyana* that serves as an identity of the Kankanaey group in Mountain Province. From the given conclusions of the study, the following suggestions were made: have more studies about native words and explore their meanings, and conduct in-depth studies on native words that are commonly used in communication by an ethnic group in the Cordillera and explore the embedded cultures.

**Keywords:** diversity, culture, vernacular, communication, investigation

## Ang gamit ng Kasiyana sa komunikasyon

### 1. Abstrak

Isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang gamit ng salitang kasiyana sa komunikasyon at kulturang nakapaloob dito. Ginamit sa pananaliksik ang kuwalitatibong metodo na nakatuon sa disenyong deskriptibo. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga matatanda mula sa mga munisipyo ng Bauko, Besao, Sagada, Sabanga, at Tadian, Mt. Province. Batay sa isinagawang pag-aaral ay natuklasan ang mga sumusunod: ang gamit ng salitang kasiyana sa komunikasyon ay kaawaan nawa, konsepto ng sana o nawa, ekspresyon ng pagbibigay o pagkakaroon ng pag-asa, at konsepto ng mabuti. Samantalang ang mga kulturang nakapaloob sa salitang kasiyana ay positibong pananaw. Mula sa mga natuklasang resulta ng pag-aaral, ang mga sumusunod ay nabuo: ang salitang kasiyana ay kaakibat ng positibong pananaw at ito ang kulturang nakapaloob sa salitang kasiyana na nagsisilbing pagkakakilanlan ng grupong Kankanaey sa Mt. Province. Mula sa naibigay na mga kongklusyon ng pag-aaral ay nabuo ang sumusunod na mga mungkahi: magkaroon pa ng mga pag-aaral hinggil sa mga salitang katutubo at tuklasin ang mga kahulugan nito, at magsagawa nang malalimang pang mga pag-aaral sa mga katutubong salita o pahayag na palasak na ginagamit sa komunikasyon ng mga etnikong pangkat dito sa Cordillera at tuklasin ang mga nakapaloob na kultura.

**Mga Susing Salita:** kasiyana, kultura, katutubong salita, komunikasyon, pagsisiyasat

### 2. Panimula

Ang wika ay hindi lamang isang paraan ng komunikasyon kundi isa ring salamin ng lipunan. Ipinapakita nito ang kultura, tradisyon, at pagkakakilanlan ng isang grupo ng tao (Saussure, 1959). Isa sa mga tuon ng mga pag-aaral sa ika-21 siglo ay ang sosyolingguwistika partikular na sa iba't ibang barayti ng wika. Itinatampok sa pag-aaral ng sosyolingguwistika ang kolaborasyon ng mga bagay na may kaugnayan sa paggamit ng wika sa isang lipunan sa pamamagitan ng komunidad ng mga tao sa kanilang pakikipag-ugnayan sa isa't isa. Hindi lang nito pinag-aaralan kung anong uri ng wika ang ginagamit ng mga tao bagkus ay kung bakit at paano ginagamit ng tao ang isang tiyak na estilo ng wika kapag sila ay nakikipagtalastasan sa bawat isa (Ulfah, 2010).

Isa sa mga katangian ng wika ay ang pagiging dinamiko nito. Ang pagiging dinamiko ng wika ay nagpapatunay na ito ay buhay at patuloy na ginagamit sa lipunan. Ang wika at lipunan ay nakatutulong upang ipaliwanag ang dahilan kung bakit ang tao ay nakapagsasalita sa iba't ibang sosyal, konteksto, at mga pamamaraan kung paano maipahahatid ang kahulugan nito (Holmes, 2011). Hindi kailanman maihihiwalay ang wika sa lipunan dahil ito ang instrumento na nag-uugnay sa mga kasapi sa lipunan kaya ang papel ng sosyolingguwistika ay napakahalaga sa pag-unawa ng wika at kultura (Foyewa, 2016).

Ang bansang Pilipinas ay binubuo ng iba't ibang mga pangkat na may sariling pagkakakilanlan. Tulad ng rehiyong Cordillera, ito ay binubuo ng mga pangunahing pangkat etniko. Ang bawat pangkat ng mga tao na nabubuhay sa isang lipunan ay mayroong kultura at ito ay kanilang pagkakakilanlan (Leyaley, 2016). Sa bahaging kanlurang-hilaga ng lalawigan ng Benguet ay matatagpuan ang pangkat ng mga Kankanaey. Sila ay matatagpuan sa mga munisipalidad ng Kapangan, Buguias, Tublay, Kibungan, Mankayan, Bakun, Itogon, ilang bahagi ng Atok, at hangganan ng Mountain Province. Samantala, sa lalawigan ng Mt. Province, ang mga Kankanaey ay matatagpuan sa mga munisipalidad ng Bauko, Besao, Sabangan, Sagada, at Tadian (Maranan, 2018). Ang naturang pangkat etniko ay tinatawag na Kankanaey, gayunding Kankanaey ang tawag sa kanilang wika. Ang pangalang ito ng pangkat ay walang tiyak na etimolohikong pinaghanguan ngunit ito rin ay tumutukoy sa kultura, wika at mga tao (Chowdhury, 2003).

Ang Kankanaey ay isa sa mga wikang sinasalita ng karamihan sa rehiyong Cordillera. May ilang mga isinagawang pag-aaral hinggil sa wikang Kankanaey. Ang pag-aaral ni Domegen (2022) ay nakasentro sa mga morpema. Sinuri nito ang hanay ng mga salita na nabubuo sa morpemang Kankanaey, inuri ang mga input na salita ayon sa ginamit na panlapi, bahagi ng pananalita, at aspeto. Ang pag-aaral ni Basco (2016) ay tungkol sa sintaktikong pagsusuri sa mga salita ng wikang Kankanaey. Ang mga target na tagatugon ay ang mga katutubong Kankanaey ng grupong Kankanane ng Mountain Province. Kanyang tinalakay ang iba't ibang pangunahing huwaran ng ilang tuntunin sa gramatika, at pangungusap. Lumabas sa kanyang pag-aaral na may mga salitang Kankanaey na hindi iisa ang kahulugan kung ito ay ginagamit sa komunikasyon. Ang nabanggit na pag-aaral ay may kaugnayan din sa pag-aaral ni Laurie (2019) hinggil sa pag-aaral ng mga Kankanaey na pangungusap upang maitatag ang mga sintaktika na panuntunan nito.

Ang naging tuon naman ng pag-aaral ni Domingo (2019) ay ang mga cuss na salita na ginamit ng mga kabataang Kankanaey. Lumabas sa pag-aaral na karamihan sa mga cuss na salita ay mga terminong tulad ng ari, hanggang sa hindi nakasasakit na mga termino tulad ng mga bahagi ng katawan, hanggang sa kawalan ng kakayahan, at sa mga salitang hiniram at binago mula sa Ingles, gayundin sa mga naimbento. Ang mga salitang ito ay karaniwang ginagamit upang ipahayag ang mga emosyon ayon sa intensidad ng salita tulad ng inis, yamot, suklam, hikbi, iyak, taghoy, at iba pa. Sa pag-aaral din ni Delima (2006), kaniyang binigyang kahulugan ang salitang Kankanaey ayon sa konsepto ng pagkakagamit. Lumabas sa resulta ng kanyang pananaliksik na ang kahulugan ng inayan ay tagapagpahiwatig ng isang malalim na etikal na konsepto sa kultura ng mga Kankanaey, katulad ng takot sa isang pinakamataas na kinikilalang diyos, tinatawag na Kabunian, Diyos na mapagpala, Diyos na pumuprotekta upang ang isang tao ay makaiwas sa paggawa ng masama o nakapipinsala sa iba.

Sa pag-aaral na ginawa ni Reolalas (2018), kanyang sinaliksik ang mga salita na may kaakibat na kultura at nilalayan nitong protektahan at pangalagaan ang mga nanganganib na terminong Ilokano bago ito unti-unting mawala. Ang terminong ito ay tumutukoy sa pagkalipol ng bokabularyo dahil ang kultura, tradisyon o kaugaliang dala ng termino ay naging hindi praktikal. Lumabas sa kanilang pag-aaral na ang mga kulturang Kannawidan, Lamusa, Tagipatgen at iba pa ay mga kulturang dapat payabungin at huwag hayaang mawala. Ayon kay Jusof (2008), ang isang salita kapag ginamit sa isang pahayag ay karaniwang nagsasaad ng isang kahulugan lamang sa maramihang mga kahulugang likas na dala nito. Ang konteksto ay karaniwan nang ginagamit bilang pagbibigay ng kahulugan sa isang salita na may malalim na kahulugan. Ang pag-aaral ng kahulugan ng isang salita ay kinikilala na isang mapanghamong gawain. Sa pag-aaral sa kahulugan ng isang salita ay natutuklasan din kung paano ito gamitin sa pahayag. Ang isang salita ay maaaring magkaroon ng maraming kahulugan. Sinasaklaw ng terminong ito ang dalawang tradisyonal na konsepto sa semantikang leksikal (Ozturk, 2017).

Ang ilang mga nailahad na isinagawang pag-aaral sa wikang Kankanaey ay nagtuon sa kayarian ng salita, pagpapaliwanag sa kultural na kahulugan ng ilang mga salitang Kankanaey. Ito ang nagbunsod sa mga mananaliksik na tuklasin ang gamit ng salitang palasak na naririnig lalo na sa mga matatanda sa kanilang pakikipag-usap, ang terminong *kasiyana*.

### **3. Batayang Konseptuwal**

#### *3.1 Wika*

Ang wika ang ubod ng bawat kultura kung saan nagagawa ng isang indibidwal ang kahulugan ng tao, karanasan, pag-iisip, pakiramdam, hitsura, at pag-uugali. Sa konteksto, ang wika ay lubos na magkakaugnay na may konsepto ng parehong personal at mas malawak, antas ng lipunan habang ginagamit ito upang paunlarin, palakasin, o kahit na lumikha ng isang kultural, pambansa, o iba pang anyo ng pagkakakilanlan ng grupo (Catama, 2018). Ito rin ay ugat ng pagkakaunawaan at komunikasyon ng mga tao sa lipunan. Sa patuloy na pagyabong ng wika ay bunga ng pakikisalamuha ng mga katutubo sa mga dayuhan o mananakop na may naiibang kultura kaya't ang wikang ginagamit na kasangkapan sa pakikipamahay ay yumaman sa salita. May

mga salitang hiram at ligaw na ganap nang inaangkin. Sa paggamit sa mga katawagang ito sa sa mga pahayag na may kayarian o kaanyuang katutubo, kasama ang mga likas na katawagan, ang mga inaangking salita ay nagkakaroon na rin ng katangiang Pilipino. Nagkaroon ng kulay at karakter na Pilipino, at naging kasangkapan na sa pagpapahayag ng kulturang Pilipino (Bisa, 2023).

Sa bagong pananaw, ang mga salita ay may kapangyarihang lumikha ng realidad. Ang wika ay hindi lamang simpleng instrumento na ginagamit ng tao sa komunikasyon sa lipunang kinabibilangan. Ang realidad umano ay hindi isang bagay na nariyan sa tabi at ang mga salita ay ginagamit lang para tukuyin ito. Nakakabit ang teoryang ito sa metapisikal na pananaw na ang lahat ng katotohanan ay likha ng lipunan. Katulad ng salitang *kasiyana* sa wikang Kankanaey, salitang palasak na ginagamit sa komunikasyon at kadalasang maririnig sa mga nakatatanda (Nichaves, 2021).

Ang wika at lipunan ay hindi lamang kalipunan ng pangkat ng mga tuntunin sa pagbuo ng mga anyong lingguwistik kundi kalipunan na rin ng mga tuntunin sa paggamit ng wika. Nangangahulugan itong isang bukas at buhay na sistema ang wika na nakikipag-interaksyon, binago at bumabago sa kapaligiran bilang bahagi ng kultura ng grupong gumagamit nito. Samakatuwid, isa itong kasanayang panlipunan at makatao (Hymes, 2009).

### 3.2 Kultura

Sa isang bansa, ang kultura ay binubuo ng mga katutubo na may katangi-tanging kaugalian, paniniwala at mga batas. Sa kultura nakikilala ang isang bansa at mga mamamayan. Ang kultura ay mabisang kasangkapan sa pambansang pagkakaisa dahil dito naipapahayag ang tunay na diwa ng pakikipagkapwa. Ang wika ay nalilintang dahil sa kultura. Ang wika ang lumilintang sa kultura sapagkat ang kultura ang nagbibigay ng katuturan sa ipinapahayag na kaisipan ng wika. Wika ang daluyan ng komunikasyon at pagkakaroon ng komunikasyon ay naisasakatuparan ang ugnayan ng isang tao sa kanyang kapwa. Sa pagkatuto ng isang kultura ay sa pamamagitan ng wika. Mula rito ay nagkakaroon ang tao ng kolektibong alaala tulad ng mga alamat, pabula, salawikain at iba pang kaalaman sa kanyang kultura (Bisa, 2023)

Ang kultura ay ang kabuoan ng pinagsama-samang pananaw ng mga tao sa kanilang lipunan. Nakapaloob sa pananaw na ito ang koleksyon ng mga kaugalian, nakasanayan, paniniwala, tradisyon at iba pa. Maaring ang mga pananaw na ito ay pamana pa ng mga naunang henerasyon na naisalin hanggang sa kasalukuyang panahon. Ito ay tumutukoy din sa paraan ng pamumuhay ng mga tao. Nagbibigay ito ng kahulugan at paglalarawan sa lipunang ginagalawan. Dagdag pa, nagsisilbi rin itong batayan ng mga kilos at gawi ng mga tao sa isang lipunan o komunidad, at nakatutulong ang kultura sa pagbibigay ng katwiran upang malaman ang tama sa mali, at mabuti sa masama (Alex, 2020).

Nabubuo ang kultura upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga indibidwal sa isang partikular na lugar. Bawat rehiyon ay mayroong sariling pangangailangan na sanhi ng pagkakaiba ng mga kilos, gawi, at kultura. Ang wika ay isang napakahalagang kasangkapan na makapagpapaunawa sa kultura ng isang etnikong pangkat.

### 3.3 Sosyolingguwistika

Sa sosyolingguwistika, mahalaga ang paggamit ng wika. Una, ang tungkulin ng wika sa pagpapatili ng relasyong sosyal. Pangalawa, ang tungkulin ng wika sa pagkuha ng impormasyon tungkol sa tagapagsalita. Ang paraan ng paggamit ng wika ay anino ng nakaraan at nagpapakita ng malaking kaugnayan ng wika at lipunan (Fishman, 2004). Ang sosyolingguwistika ay naglalayong imbestigahan ang umiiral na ugnayan ng wika at lipunan sa tunguhin nitong magkaroon nang mas mabisang pag-uunawaan sa estruktura ng wika at kung paano ginagamit ang wika. Samantala, ang wika ay nakabatay sa gamit ng lipunan. Batid ng tao ang kahulugan ng kanyang salitang ginagamit batay sa lipunang ginagalawan. Isa sa pag-uuri o pagtatasa sa katalinuhan niyang maintindihan ang salita nang kausap bukod pa sa wikang kanyang ginamit o sinasalita. Ang paggamit o pagtanggap ng salita ng isang grupo o lipunan ay naaayon sa napagkasunduang gamit ng mga tao kaya iniaayon

ng isang dayong tagapagsalita ang kaniyang sasabihin batay sa kung ano ang kahulugan o gamit ng salita sa lipunang kaniyang kinalalagyan (Bernstein, 2006).

Ang sosyolingguwistika ay pag-aaral sa pagkakaiba-iba ng wika dahil sa magkakaibang mga indibidwal at pangkat na may magkakaibang lugar na tinitirhan, interes, gawain, pinag-aralan, at iba pa. Pinaniniwalaan dito na ang wika ay hindi lamang isang simpleng instrumento ng komunikasyon na ginagamit ng indibidwal ayon sa isang sistemang mga alituntunin kundi isang kolektibong puwersa, isang pagsasama-sama ng mga anyo sa isang magkakaibang kultural at sosyal na mga gawain ng grupo (Constantino, 2000). May mga pag-aaral hinggil sa etimolohiya ng wika (Aitchison, 2012; Piquer, 2008; at Lutjeharms, 2004), kanilang sinaliksik ang mga salitang karaniwan ngunit may iba't ibang kahulugan, gayunding kanilang sinuri ang etimolohiya ng mga salita. May mga salita na inaakalang karaniwan lamang ngunit nalalaman na marami itong kahulugan kung susuriin ang etimolohiya nito. Sa pag-aaral naman ni Say-ao (2021), binigyang-kahulugan ang mga kultural na terminolohiyang Ibaloy tulad ng canao, tayaw, bendiyan at iba pa.

### 3.4 *Komunikasyong Pasalita*

Ang kasanayang komunikatibo ay magkasamang wika at pagganap sa wika. Ang kakayahan sa wika ay nauukol sa kaalaman sa wika samantalang ang pagganap sa wika ay ang kakayahan sa aktuwal na paggamit ng wika. Ang ang kasanayan sa wika ay hindi lamang kaalaman sa gramatika o sa mga tuntuning gramatikal kundi gayundin ang kasanayan sa angkop at matagumpay na pag-unawa at pagpapaunawa ng nais ipahayag ng nag-uusap. Hindi lamang pag-unawa at pagbigkas ng pangungusap na may tamang istruktura kundi pati na rin ang kaangkupan nito at pagkamatatanggap ng lipunan (Chomsky, 1965).

Ang komunikasyong pasalita ang pangunahing paraan upang mapanatili ang pakikipag-ugnayan at pakikiisa ng mga tao. Sa anumang larangan ng buhay, ang komunikasyong pasalita ang daan sa walang humpay na pagpapayaman, pag-unawa, at pagsulong ng mga tao sa lipunan na kinabibilangan. Sa pagiging mabisa ng komunikasyon, may mga salik na dapat isaalang-alang. Ang komunikasyon ay dinamiko. Samakatuwid, maging ang isang usapan ay nagbabago. Sa komunikasyon ay mahalagang batid ng isang tao kung ano ang genre na ginagamit ng kanyang kausap, nang sa gayo'y malaman din niya kung ano ang genre na kaniyang gagamitin (Hymes, 2009).

### 3.5 *Ekspresyong Lokal*

Ang ekspresyong lokal ay ang likas at ordinaryong wika na naiiba sa ayos at gamit sa lohika at iba pang uri ng pilosopiya. Ito ay ang mga parirala o pangungusap na ginagamit ng mga tao sa pagpapahayag ng damdamin o pakikipag-usap na ang kahulugan ay hindi literal na kahulugan ng bawat salita at hindi maiintindihan ng mga taong hindi bihasa sa lenggwahe. Ito rin ang nagbibigay ng kaibahan sa ibang wika (Palomado, 2022). Mayaman ang kulturang Pilipino sa mga kultural na pagpapahayag tulad ng paggamit ng mga salawikain, talinghaga at bulong. Ang mga ito ay uri ng pagpapahayag na ginagamit para sa iba't ibang layunin tulad ng pangangaral, pagbibigay ng paalala, pagpapahiwatig ng damdamin at kaisipan at iba pa. Sanhi ng pagkakaiba ng kultura ay iba-iba ang wikang ginagamit ng mga tao at iba-ibang ekspresyon din ayon sa heograpiya o lokasyon ng tagapagsalita. Ang mga ekspresyon bilang bahagi ng gawaing pangkomunikasyon ng mga Pilipino ay nahahati sa tatlong pangkat ito ay ang katutubo, makabago at ekspresyong milenyal o higit na makabagong ekspresyon (Dionano, 2020).

Sa pahayag nina Fortunat at Valdez (2003), ang mga Pilipino ay lahing hindi direktang magsalita kaya mas nakabatay ang mensahe sa mga ekstra berbal na mensahe. Isinasagawa ng mga Pilipino ang paggamit ng pahiwatig (Maggay, 2002) tulad ng sa berbal – parining, padaplis, paramdam, papansin; di-berbal – panahimik at paggamit ng iba pang bahagi ng katawan, at kombinasyon – ligoy tampo, biro, lambing, dapog, maktol-paglalangis. May mga ekspresyong lokal sa pahayagan at ito ay mailalarawan sa pamamagitan ng mass media. Ang pahayagan ay daluyan ng mga ekspresyong lokal tulad ng sa palakasan at showbiz balita.

### 3.6 Paglalahad ng Suliranin

Sinikap ng pananaliksik na ito na bigyan ng kasagutan ang mga sumusunod na katanungan:

- Ano ang iba't ibang pananaw sa paggamit ng *kasiyana* sa komunikasyon?
- Anong kultura ang nakapaloob sa salitang *kasiyana*?

## 4. Batayang Konseptuwal

### 4.1 Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral ay gumamit ng kuwalitatibong pananaliksik at disenyong palarawan. Ang palarawan ay paglalahad ng mga katangian ng isang tao, pangkat, bagay, sitwasyon at ibang pinag-aaralan o sinasaliksik. Ayon kay Valdez (2019), ang kuwalitatibong pananaliksik ay kinapapalooban ng mga uri ng pagsisiyasat na ang layunin ay malalimang pag-unawa sa pag-uugali at ugnayan ng mga tao. Gumamit ang mga mananaliksik ng talatanungan para sa gabay upang tukuyin ang iba't ibang pananaw sa paggamit ng *kasiyana* sa komunikasyon at ang kulturang nakapaloob sa salita.

### 4.2 Populasyon at Lokasyon ng Pananaliksik

Ang pag-aaral ay isinagawa sa pangkat ng mga Kankanaey sa Mountain Province. Ang mga nagsasalita ng Kankanaey ay matatagpuan sa mga munisipalidad ng Bauko, Besao, Sabangan, Sagada, at Tadian. Ang mga kalahok mula sa iba't ibang mga munisipyong natukoy ang napili na tagatugon sa isinagawang pag-aaral sapagkat wika nila ang terminong *kasiyana* at kadalasan nilang ginagamit ang termino sa komunikasyon.

### 4.3 Pamamaraan sa Pangangalap ng mga Datos

Sa paglikom ng mga kinakailangang datos, ang mga sumusunod ang isinagawa ng mga mananaliksik: gumawa ng liham-pahintulot na ipinaapruba sa kanilang tagapayo sa pananaliksik; pagkatapos na maaprubahan ng tagapayo ang liham, personal na nakipag-usap ang mga mananaliksik sa mga kakapanayaming kalahok sa pananaliksik ipinabatid ang layunin ng pag-aral, saka itinakda ang petsa ng pakikipanayam.

### 4.4 Instrumento sa Pangangalap ng mga Datos

Ginamit ng mga mananaliksik ang gabay na talatanungang kanilang binuo. Ang gabay na talatanungan ay dumaan sa balidasyon ng tagapayo sa pananaliksik. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng audio recorder upang makuha nang buo ang mga kasagutan ng mga kalahok sa pananaliksik. Pagkatapos ng pakikipanayam ay pinakinggan ng mga mananaliksik ang mga tugon ng mga kalahok at kanila itong itrinanskrayb.

### 4.5 Pagtrato ng mga Datos

Ang mga kasagutang nakalap mula sa pakikipanayam ay dumaan sa transkripsiyon at pagsusuri ng mga mananaliksik upang makita ang kasapatan at kawastuhan ng mga tugon mula sa naitala na panayam. Ang mga nasuring tugon ay ginamitan ng pamaraang koding sa pagsusuri ng mga datos. Ang pagtrato ng mga datos ay dumaan sa apat na hakbang. Una, ang pagkategorya ng mga kasagutan ng mga kalahok. Pangalawa, pagkategorya ng mga kasagutan upang mabuo ang mga tema o mga konsepto mula sa naitalang mga datos. Pangatlo, muling pagtatala at muling pagkategorya sa mga datos. Pang-apat, pagbuo ng tema na naging batayan sa pagtalakay sa pag-aaral.

#### 4.6 Pagsasaalang-alang sa Etika

Ang mga mananaliksik ay nagpaalam sa mga kalahok at nagbigay ng oryentasyon tungkol sa isinagawang pananaliksik at hindi sapilitan ang pangangalap ng mga impormasyon sa kanila. Gayunding ang nalikom na mga impormasyon sa kanila ay trinatang konpidensiyal at magagamit lamang sa nasabing pag-aaral.

### 5. Pagtalakay sa mga Resulta

Nakapokus ang bahaging ito sa pagsusuri, pag-aanalisa at interpretasyon sa resulta ng pag-aaral. Nakalahad ang mga tema mula sa isinagawang koding tungkol sa mga pananaw sa gamit ng *kasiyana* sa komunikasyon.

#### 5.1 Ang Gamit ng Salitang Kasiyana sa Komunikasyon

Sa bahaging ito ay tatalakayin ang mga pananaw ng mga katutubong Kankanaey sa paggamit ng salitang *kasiyana* sa komunikasyon. Mababasa sa ibaba ang mga pananaw.

**Kaawaan Nawa** - Natuklasang isa sa mga gamit ng *kasiyana* sa komunikasyon ay “kaawaan nawa”. Patunay ang mga pahayag ng kalahok sa ibaba:

*Sinay ay kali et kaasianna kami kuma si Apo Dios. K9*

*Salin: Ang salitang ito ay kaawaan nawa kami ng Diyos. K9*

*Kasiyana to metlang met ket kaasiana kuma kantodi. K1*

*Salin: Kasiyana ay parang katulad din ng “kaawaan nawa kami”. K1*

*Ah kasiyana kanan mi ay kaasiyana a nangamong di kasiyana, nangamong dita ti kasiyana. K5*

*Salin: Kasiyana, kung sasabihin namin ang kaasiyana ay bahala na ang kasiyana, bahala na diyan ang kasiyana. K5*

Sa pahayag ng mga tagatugon, ang *kasiyana* ay ginagamit bilang pagpapahiwatig ng awa o habag. Ang pahayag na “ikakaasi na kami kuma” ang salin sa Filipino ay, “kami nawa ay kaawaan” ay pahayag ng pagnanais ng isang taong kaawaan nawa. Ang tinutukoy na panggagalingan ng awa ay ang maawaing Diyos.

Ang isa mga salawikang Pilipino ay “nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa.” Sa lahat ng mga kasabihang Pilipino ay ito na yata ang pinakapalask at bukambibig ng karamihan. Ito marahil ang salawikaing may pinakamalakas na impluwensa sa karamihang mga Pilipino. Ipinapahiwatig nitong ang mga Pilipino ay naniniwala kay Kristo o sila ay mga Kristiyano. Ang mga taong mauunlad at mapapalad ay mapapansing kadalasan ay masisipag, at matitiyaga. Ginagawa nila ang kanilang bahagi para sila ay umasenso sa buhay. Humihingi lamang sila ng gabay, lakas, pagpapala at kalinga sa Diyos. Wika nga siyamnapu’t siyam (99) na porsiyento ang pawis, samantalang isang porsiyento ay mula sa awa ng Diyos (Faundo, 2011).

Ipinapahiwatig na ang mga Kankanaey ay nagtitiwala sa habag ng Panginoon. Hindi maikakaila na ang kanilang pagtawag sa Diyos sa gitna ng isang panganib ay nagbibigay ng ibayong lakas, tatag ng loob at malakas na pag-asa na malalampasan ang anumang hirap o suliranin. Nagawa o nagampanan ang dapat gawin, ang huli ay Diyos na ang bahala, sa Kaniya na ang awa.

**Konsepto ng Sana o Nawa** - Ang isa ring gamit ng salitang *kasiyana* sa komunikasyon ay “sana”. Patunay ang mga pahayag sa ibaba:

*Di kasiyana ket mausar iti kararag nga kayat na sawen ket sapay kuma. K12*

(Ang Kasiyana ay nagagamit sa panalangin na ang ibig sabihin ay matutupad sana ang kahilingan.) K12

*Kasiyana et way ay matungpal. K14*

(Matupad sana.) K14

*Daytoy nga sao ket kasla kwan kayat na ibaga ket matungpal kuma. K20*

*Salin: Itong salita na ito ay parang ang ibig sabihin ay matupad sana. K20*

Ang “sana o nawa” ay nagpapahiwatig ng posibleng pagkaganap ng isang kilos. Ang tao ay may kaniya-kaniyang kahilingan at kagustuhan sa buhay na nais matupad. Sa pahayag ng mga kalahok, umaasa sila na sana o nawa ay matupad ang kanilang hiling o hangarin sa buhay. Nais ipakahulugan lamang nito na ang salitang *kasiyana* ay kaakibat ng sana o nawa. Kaya ang pahayag na “*kasiyana et way ay matungpal*”, na ang salin sa Filipino ay “matupad sana o nawa.”

Ang tao ay may kaniya-kaniyang pangarap, kaya ang isang taong lubos na nagsisikap upang makamit ang pangarap ay nagtititis at nagtitiyaga. Walang madali sa lahat ng aspeto sa buhay, lahat ng bagay ay pinaghihirapan. Ang isang katangian ng mga Pilipino ay nakikipaglaban sa anumang larangan. Hindi agad sumusuko sa anumang pagsubok sa buhay na may kalakip na pananalig sa Diyos. Ang pananalig sa Diyos ay mapatutunayan sa gamit ng *kasiyana* sa panalangin na matutupad sana o nawa ang kahilingan sa pamamagitan ng panalangin. Ipinapahiwatig ng resulta ng pag-aaral na ang mga Kankanaey ay nananalangin sa Diyos at umaasang matutupad ang kanilang kahilingan.

***Ekspresyon ng Pagbibigay o Pagkakaroon ng Pag-asa*** - Ang isa pang gamit ng *kasiyana* sa komunikasyon ay nakagagaan ng kalooban at nakapagbibigay ng pag-asa. Ginagamit ang *kasiyana* sa pakikipag-usap sa mga taong mayroong sakit o nararamdaman. Sa paggamit ng katutubong salitang ito, sinasabing ang mga may sakit ay hindi mawawalan ng pag-asang gumaling sa kanilang karamdaman. Ang gamit ng salitang *kasiyana* sa sitwasyong ito ay kinapapaloob ng pag-asang malunasan ang sakit. Ang pagkakaroon ng pag-asang gumaling sa sakit ay nakapagpapagaan ng mabigat na kalooban. Mababasa sa ibaba ang mga pahayag:

*No kanan da ay kasiyana et gawis tapno makapalag-an si rikna. K10*

(Kapag sinabing kasiyana ay nangangahulugang mabuti.)K10

*Di kasiyana et mausar ay mang-comfort. K11*

(Ang Kasiyana ay ginagamit na magpagaan ng loob.) K11

*Tapno lumag-an di riknan di esa ay ipegaw, ibaga ay di kasiyana ..K18*

(Upang gumaan ang pakiramdam ng isang tao, sabihin ang Kasiyana.) K18

*No ibagam ay kasiyana, ibagbagam nga kayam dayta. K13*

(Kapag sinasabi mong kasiyana ay sinasabi mong kaya mo iyan.) K13

*Ti kaasina ket mausar no adda problema nga haan nga maawanan iti namnama. K3*

(Ang kasiyana ay ginagamit kapag may problema at hindi dapat mawalan ng pag-asa.) K3, K8, K19

*Sin kasiyana et mausar no wada di mansakit ta adi maawanan si namnama ay maagasan sin sakit na. K7*



(Ang kasiyana ay ginagamit kung may nagkasakit na hindi mawawalan ng pag-asang maagapan ang nararamdaman.) K7

Sa pahayag ng mga tagatugon, lumabas na ang kasiyana ay isang salita na nagpapalakas ng loob sa isang taong may pisikal na nararamdaman o may suliranin. Ang tao, kung nakararanas ng iba't ibang problema at pagsubok sa buhay ay naghahanap ng bagay na makatutulong sa kanya. Ang salitang *kasiyana*, kapag sinabi sa taong may sakit o may mabigat na suliranin sa buhay ay nakapagbibigay ng pag-asang malalampasan din nila ang sitwasyong kanilang kinakaharap. Ang pag-asa ay positibong damdamin kaya hindi dapat niwawalang halaga ang kapangyarihan nito. Ang pag-asa ay malakas na emosyon at ang taong hindi nawawalan ng pag-asa ay may malakas na pagpapahalaga sa kabuluhan ng buhay (International Journal of Existential Psychology & Psychotherapy, 2010).

Ang wika ay hindi lamang gamit sa komunikasyon ng bawat indibidwal kundi ito rin ay ang pagkakakilanlan ng pinagmulang kultura. Katulad ng salitang *kasiyana* ng grupong Kankanaey sa Mountain Province, maliban sa ito ay kanilang pagkakakilanlan, ito ay makapangyarihang salitang nakapagpapagaan ng kalooban at nakapagbibigay ng pag-asa sa taong nanghihina at nawawalan ng pag-asa.

**Konsepto ng Mabuti** - Lumabas sa pag-aaral na ang isang gamit ng salitang *kasiyana* sa komunikasyon ay *gawis o agyud* na mabuti ang salin sa Filipino. Ang *gawis o agyud* ay wikang Kankanaey ng mga taga-Silangang bahagi ng Mt. Province ng mga grupong Kankanaey. Sa Kanlurang bahagi naman ng Mt. Province, kadalasang ginagamit ang *agyud* na kasingkahulugan din ng salitang *gawis*. Ang paggamit ng salitang *gawis at agyud* ay pagkakakilanlan ng mga grupong Kankanaey sa Silangang bahagi at Kanlurang bahagi ng nasabing lalawigan. Patunay ang mga pahayag sa ibaba:

*No kanan da ay kumusta ka pay? Di sungbat na et kasiyana o kasiyana. K4*

(Kapag sinabing kumusta ka? Ang sagot ay mabuti naman.) K4

*Di kanan mi ed Sagada di kasiyana et gawis. K15*

(Ang sabi namin sa Sagada sa Kasiyana ay mabuti.) K15

*Di Kasiyana o laton et gawis ay kali baken madi na. K6*

(Ang kasiyana ay salitang mabuti hindi masasa.) K6

*No kanan mi ay kasiyana et gawis. K16*

(Kapag sinabi naming Kasiya ay mabuti naman.) K16

Ang gamit ng *kasiyana* sa mga pahayag sa itaas ay *gawis o agyud* o mabuti sa Filipino. Ipinapakahulugan ng salitang *kasiyana* na nasa mabuting kalagayan ang taong pinapakumustahan. Ayon sa pagsusuri sa mga pahayag, taglay ng salitang *kasiyana* ang konsepto ng mabuting kalagayan. Ang pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay ang magbibigay ng lakas at tatag na harapin ang anumang suliranin sa buhay (Labadan, 2021).

Samakatuwid, ipinapahiwatig ng resulta ng pag-aaral na ang mga grupong Kankanaey sa Mt. Province ay mga taong may positibong pananaw sa mga pangyayari sa buhay na taglay o nakapaloob sa kanilang salita o terminong *kasiyana*.

## 5.2 Kulturang Nakapaloob sa Salitang Kasiyana

Sa bahaging ito ibabahagi ang kulturang nakapaloob sa salitang *kasiyana* ng mga grupong Kankanaey ng Mountain Province. Ang kulturang nakapaloob sa salitang *kasiyana* ay ang mga sumusunod:

**Positibong Pananaw** - Ang kulturang nakapaloob sa salitang kasiyana ay ang positibong pananaw. Ang

kultura ay pangkabuoang pananaw ng mga tao sa isang lipunan, mundo at sa kanilang kapaligiran. Ang pananaw na ito ay hango sa paniniwala, tradisyon, uri ng pamumuhay, at iba pang mga bagay-bagay na nag-uugnay sa kanila at nagpatibay sa bigkis ng pagkakaisa na siyang nagpapalaganap ng kanilang pangkalahatang diwa, pananaw, kaugalian at adhikain (Rubrico, 2009).

Sa pahayag ng mga kalahok, ang *kasiyana* ay nagpapahiwatig ng positibong pananaw sa iba't ibang sitwasyon tulad ng paghahanap ng trabaho, pagsasakatuparan na matapos ang isang proyektong nasimulan, may solusyon sa anumang mabigat na problema, may darating na suwerte pagkatapos ng trahedya, hindi permanenteng kalagayan ang kawalan ng pera, at may pag-asang malulunasang sakit na nararamdaman. Batay sa pagsusuri sa ilang mga pahayag ng mga kalahok ay lumabas ang kulturang nakapaloob sa salitang *kasiyana*. Ang kultura ay mababasa sa mga pahayag sa ibaba.

Sa panahong ang isang tao ay nangangailangan ng mapapasukang trabaho ay hindi siya nawawalan ng pag-asang makahanap. Patunay ang pahayag sa ibaba:

*No man-apply ka si trabahom et kasiyana ay maawat ka. K3*

(Kung mag-a-apply ka ng trabaho ay matatanggap ka.) K3

Sa panahon namang may nasimulang proyekto ngunit nagkulang ang badyet o pondo ay hindi nawawalan ng pag-asang magkakaroon din pera at matatapos din ang proyekto. Mababasa ang pahayag sa ibaba:

*Kaspangarigan a, kasla kanyak kuma inya, a pakuwak dayta, pa eextention ko dayta pay, Kaasiyana kuma ta adda kwartak kasjay ta jay planok ket maaramid kuma, aramiden kasjay ti kwa ti Kaasina kuma diyay met. Kasla jay ugali kasjay? Mabalín ladta, jay kuma plano nu kaspangarigan jay agkasar kaspangarigan ay kaasiyana kuma ta ni Apo ta addawtana kumas sak-en si swerte tapno matungpal kuma di planok ay aramidek kantodi nu kasla jay kasar a nu kaspangarigan, kasjay sapay kuma ta Kaasina kuma. Kaasina ta ikkanan siyak ti swerte kuma tapno jay planok ket maaramid ko. Sapay kuma kasjay metlang ti kayat na nga sawen nga sapay kuma kasjay, Kaasina kuma ket matungpal pay kuma jay planok kasjay met ti kaasiyana. K2*

(Kung sakali, parang kung sa akin, pa ano ko yan, pa-extention ko yan, kaasiyana sana may pera ako ganon matupad sana yung plano ko, gagawin ganun ang kasiyana, yun naman. Parang yung ganun? Pwede rin, parang yung halimbawa yung ikakasal, kasiyana sana bigyan ako ng Diyos ng swerte para matupad ko yung mga plano ko, parang ganun. Sana, Kasiyana, kasiyana sana bigyan ako ng swerte para magawa ko ko yung plano ko. "Sana" ganun din naman ang ibig sabihin n ay sana ganun. Sana matupad yung mga plano ko ganun naman ang Kasiyana.) K2

Sa panahong gipit na gipit din sa pera ang isang tao ay hindi rin nawawalan ng pag-asang magkakaopera rin siya. Patunay ang pahayag sa ibaba:

*No kwa, no grabe nga rigat ti inmay kenka nga awan kwarkwartam, ket ibagam nga Kaasiyana ta ikan dak ti swerte. Kasjay ken no talaga nga awan makan ket ibagam nga o apo kaasiana dakami. K16*

(Kung sakali, kung grabe ang kahirapan ang nararanasan mo na wala kang kaperapera ay sasabihin na kaasiyana ay bigyan nyu ako ng pera, ganun at kung wala talagang makain ay sasabihin na o Apo kaasiyana mo kami.) K16

Sa panahon ng pagkakaaksidente, ang ibig ipakahulugan ng *kasiyana* ay tapos na ang malas at ang susunod ay suwerte kaya sinasabi rin itong *ilablab-ak*. Ang salitang *ilablab-ak* ay salitang Kankanacy na nangangahulugang isinusuwerte. Mababasa ang pahayag sa ibaba:

*Ah nu adda naaksidenteang nga han nga grabi di ba wennu nagproblemam, Kasiyana sa*

*kananas' di. Kasiyana sa ilablab-ak mo. Ilablab-ak mo. K6*

(Kung mayroong aksidente na nangyari sa iyo na hindi grabe di ba o mayroon kang problema, sinasabing kasiyana. Isisuwerte mo iyan.) K6

Sa panahon din ng matinding problema ay hindi rin nawawalan ng pag-asa na may awa ang Diyos na tutulong at malulutas din ang problema. Mababasa sa ibaba ang mga pahayag:

*Kasiyana ay bumayag pay ti biag ko, kasla kasjay, kasiyana ay mayat ti panagbiag iti inaldaw karkaro no talaga nga ada ti nauneg nga problemam iti biag ket ibagam nga Kasiyana ta ikaasi ti apo, kasdiyay. K17*

(Kasiyana ay tumagal pa ang buhay ko, parang ganoon, kasiyana ay maganda ang ikakabuhay sa bawat araw lalo na kung talaga na mayroong grabe na problema sa buhay mo ay sasabihin na kasiyana ta ikakaasi ti Apo, ganun.) K17

*Kasiyana, daytoy kasiyana ket ibagbaga lang no kasparigan ket ada problemam iti biag kasla awan makan, awan panggatang ket ibagam nga kaasina, Kasiyana ay kayak pay, kasiyana ti Apo ta tulungan dak. K14*

(Kasiyana, itong kasiyana ay sinasabi lang kung halimbawa ay mayroon kang problema sa buhay, parang walang makain, walang pambili ay sasabihin na kaasina, kasiyana ay kaya ko pa, kasiyana Apo na tulungan ako.) K14

*No ada problema na kasjay ket ibagam nga kaya mo yan, kasiyana sa kaman dey. K11*

(Kung mayroon siyang problema ganun tapos sabihin mong kaya mo yan, kasiyana sa ganoon.) K11

*Hinggil naman sa sakit na nararamdaman ay hindi nawawalan ng pag-asang malulunasan ito. Ang salitang kasiyana ay may taglay na nakapagbibigay ng lakas at pag-asang malunasan ang nararamdaman. Mababasa sa ibaba ang mga pahayag bilang patunay.*

*Ti Kasiyana, nu adda ampay mangyari kenka ket kuna mi nga kaasiyana ket maawan kasjay. Isu an ti awag mi diyay nga taga banda idjay. No enya ti sakit mo, kaasiyana ket makaan. K1*

(Itong kasiyana, kung sakali may mangyari sa iyo ay sasabihin naming kaasiyana ay mawala ganoon. Yun ang tawag namin sa lugar namin. Kung ano ang sakit mo, Kaasiyana ay mawala.) K1

*Kasiyana dayta nu dagijay masakit ket kasiyana kasjay, umimbag kasjay. K7*

(Kasiyana yan kung yung mga maysakit tapos Kasiyana ganoon, magamot ganoon.) K7

*Maibaga daytoy nga sao no kasparigan nga ada sakit ti kadwam or anak mo ket ibagam Kasiyana ta maawan day sakit da. K20*

(Sinasabi ito na salita kung sakali mayroong sakit yung asawa mo o anak mo ay sasabihin kasiyana ay mawala yung mga sakit nila.) K20

*Kasiyana mayat kuma no bigat daytoy rikriknaek a sakit, kasjay met ken no ada daduma nga kabagyam nga agsaksakit metlang ket ibagam nga Kasiyana maagasan da a dagus. K15*

(Kasiyana maganda sana bukas yung dinadamdang ko na sakit, ganoon naman at kung mayroon pang iba na kapamilya mo ang nagkakasakit ay sasabihin mo na Kasiyana magamot sila ng maaga.) K15

*Ibagbaga dayta kasiyana no ada ti agsakit nga tao, kumbaga jay asawak nagsakit ket ibagak nga kasiyana maawan dayta no bigat ta agrabaho kami ijay talon kasjay ken no dagijay anak ko metlang ah. K13*

(Sinasabi yang Kasiyana kung merong nagkasakit na tao, halimbawa yung asawa ko ay nagkasakit tapos sasabihin kong kasiyana mawawala yan bukas para magtrabaho sa bukid ganoon at kung ung mga anak ko din.) K13

*Dayta kasiyana, no kasparigan ket ada nakitam nga kakaasi nga naaksidente wenu kaasi dita komkompormi ket no naasi ka ket ibagam nga kasiyana sa ay ada kuma tumulong or maagasan da. K19*

(Ang kasiyana, kung sakaling may nakita kang nakakaawa na naaksidente o nakakaawa diyan sa paligid at naawa ka ay sasabihin mo ang kasiyana may tutulong at magagamot din sila.) K19

Sa mga panunuri sa mga pahayag ay lumalabas ang pagkakaroon ng positibong pananaw ng mga Kankanaey sa kabila ng suliranin, trahedyo o kawalan ng pera. Hindi ito nangangahulugang pag-iwas o pagwawalang-bahala sa masasamang bagay, sa halip, ito ay pagsisikap na makita ang pinakamahasag sa ibang tao, at pagtingin sa sariling kakayahan. Sa mga sitwasyong nailahad ayon sa pahayag ng mga kalahok ay kakikitaan ng hindi basta-basta na pagsuko sa buhay. Bagkus, sa kabila ng mga pagsubok o kahirapan sa buhay ay naroroon ang positibong pananaw. Sa bawat sitwasyong nailahad, nakapaloob ang pag-asa sa salitang *kasiyana*.

## 6. Buod

Nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang gamit ng salitang *kasiyana* sa komunikasyon ng grupong Kankanaey sa Mountain Province. Batay sa isinagawang pag-aaral ay natuklasan ang mga sumusunod:

- Ang gamit ng salitang *kasiyana* sa komunikasyon ay kaawaan nawa, konsepto ng sana, ekspresyon ng pagbibigay o pagkakaroon ng pag-asa, at ang konsepto ng mabuti.
- Ang kulturang nakapaloob sa salitang *kasiyana* ay positibong pananaw.

## 7. Kongklusyon at Rekomendasyon

**Kongklusyon** - Mula sa mga natuklasang resulta ng pag-aaral, ang mga sumusunod ay nabuo:

- Ang salitang *kasiyana* ay kaakibat ng positibong pananaw o konsepto ng mabuti.
- May kulturang nakapaloob sa salitang *kasiyana* na nagsisilbing pagkakakilanlan ng mga grupong Kankanaey sa Mountain Province.

**Rekomendasyon** - Mula sa naibigay na mga kongklusyon ng pag-aaral ay nabuo ang sumusunod na mga mungkahi:

- Magkaroon pa ng mga pag-aaral hinggil sa mga salitang katutubo at tuklasin ang mga kahulugan nito.
- Magsagawa nang malalimang pag-aaral sa mga katutubong salita o pahayag na palasak na ginagamit ng pangkat etniko sa Cordillera at tuklasin ang mga nakapaloob na kultura.

## 8. Talasangunian

Aitchison, J. (2012). *Words in the Mind: An Introduction to the Mental Lexicon* (4th ed.). London: Wiley Blackwell.

Alex, N. (2020). *Kahulugan ng Kultura*. Hinango noong Mayo 16, 2023,

sa <https://www.scribd.com/document/413433800/Ano-Ang-Kahulugan-Ng-Kultura#>

Allen, J. (2014). *Kankanaey: A Role and Reference Grammar Analysis*. Hinango noong Disyembre, 2022, sa

- <https://www.sil.org/resources/publications/entry/58812>
- Almond, N. (2021). Kahulugan ng Pagpapakumbaba. Hinango noong Mayo 20, 2023, sa <https://ano.pagpapakumbaba/question/13270708>
- Baklar, M. (2012). Panalanginat Kapayapaan. Hinango noong Mayo 19, 2013, sa <http://panalangindasaltalog.blogspot.com/2012/10/kahalagahan-ng-panalangin.html>
- Basco, E. (2012). Syntax of Kankana-ey Language of Tadian Central: Structure and Expansion. Hinango noong Enero 14, 2023, sa <https://www.mpspc.edu.ph/index.php/15-abstracts/136-syntax-of-kankanaey-language-of-tadian-central-structure-and-expansion>
- Bisa, S. (2023). Wika at Kultura: Pagsasalang Nagpapakahulugan. Hinango noong Mayo 16, 2023, sa <https://ejournals.ph/article.php?id=7757>
- Bernstein, B. (2006). *Class, Codes and Control (Volume 1)*. London: Routledge & Kegan Paul.
- Cabu, N. (2023). Pagmamalasakit at Kabutihang Tao. Hinango noong Mayo 19, 2023 [https://www.affordablecebu.com/dir/unexperienced/sampung\\_paraan\\_ng\\_pagpapakita\\_ng\\_pagma\\_malasakit\\_sa\\_kapwa/9-1-0-4316](https://www.affordablecebu.com/dir/unexperienced/sampung_paraan_ng_pagpapakita_ng_pagma_malasakit_sa_kapwa/9-1-0-4316)
- Catama, B. (2018). Challenges in maintaining a heritage language. *Int. J. of Research Studies in Language Learning* 7(1), 39-61.
- Chomsky, N. (1965). *Current Issues in Linguistic Theory and Aspects of the Theory of Syntax*. MIT Press.
- Chowdhury, G. (2003). Natural language processing Annual Review of Information Science and Technology. 37pp 51-89 ISSN 0066-4200
- Constantino, P. (2000). Building language resources for a multi-engine machine translation system in *Language Resources and Evaluation*. 42, 183-95 (Berlin: Springer)
- Delachieve, P. (2023). Katapangan at Lakas ng loob. Hinango noong Mayo 12, 2023, sa <https://tl.delachieve.com/ang-katapangan-ay-ang-kawalan-ng-takot-o-ang-kakayahang-kontrolin-ang-iyong-sarili/>
- Delima, G. (PhD). (2006). *The Polysemy Of Inayan' Across Tribal Groups in Mountain Province: Exploring Evidence of Culture-Specific Ethical Concepts in Language*. Baguio: University of the Philippines Baguio. Hinango noong Enero 20, 2023, sa <https://www.coursehero.com/file/88501016/the-polysemy-of-inayan-across-tribal-groups/pdf/>
- Dionano, N. (2015). What is Calajo. Hinango noong Marso 8, 2023, sa <http://dalosdmiguel.blogspot.com/2015/07/what-is-calajo.html>
- Domegen, J. (2022). The Philippine Kankana-ey – An Morpheme. Hinango noong Pebrero 10, 2023, sa <https://zenodo.org/record/6896077#.ZELivHZBzIV>
- Domingo, E. (2016). Cussing Among the Kankanaey Youth. Hinango noong Marso 6, 2023, sa <https://www.semanticscholar.org/paper/CUSSING-AMONG-THE-KANKANA-EY-YOUTH-Domingo-Caroy/aa9dd1e36ae5524f1b0c2bee2a07eefd83e1ca7e>
- Ellis, M. (2022). Magkasingkahulugan na Mga Salita. Hinango noong Mayo 20, 2023, sa <https://www.grammarly.com/blog/synonyms/>
- Faundo, V. (2011). Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa. Hinango noong Pebrero 10, 2023, sa <http://muntingnayon.com/101/101127/index.php>
- Foweya, P. (2009). Language policies: Impact on language maintenance and teaching: Focus on Malaysia, Singapore, Brunei, and the Philippines. *The Linguistics Journal*.
- Gripaldo, M. (2005). Pag-aaral sa Bahala na. Hinango noong Mayo 20, 2023, sa [https://www.researchgate.net/publication/238082707\\_bahala\\_na\\_a\\_philosophical\\_analysis](https://www.researchgate.net/publication/238082707_bahala_na_a_philosophical_analysis)
- Holmes, N. (2011). Kill the song – Steal the show: What does distinguish predicative metaphors from decomposable idioms? *Journal of Psycholinguistic Research*, 40(3), 205-223.
- Hymes, D. H. (2009). On communicative competence. In J. B. Pride & J. Holmes (Eds.), *Sociolinguistics: Selected readings* (pp. 269-293). Harmondsworth: Penguin..
- Jusof, M. (2008). KASIYANA: Cultural-spiritual context. Home Blog. Hinango noong Nobyembre 12, 2022, sa <http://sagadaigorot.blogspot.com/2007/12/igorot-ethnic-groups.html>

- Laurie, L. (2019). Establishing the syntactic rules of Kankana-ey dialect using RNN. *Hinango noong Marso 17, 2023*, sa <https://iopscience.iop.org/article/10.1088/1757-899X/803/1/012023>
- Leyaley, R. (2016). inayan: the tenet for peace among Igorots. *Hinango noong Marso 19, 2023*, sa <https://garph.co.uk/IJARMSS/Feb2016/19.pdf>
- Maranan, E. (2018). The Kankanaey people of the Philippines: History, culture, customs, and tradition. *Hinango noong Marso 23, 2024*, sa <https://www.yodisphere.com/2022/09/Kankanaey-Tribe-Culture.html>
- Marticio, E. (2019). Level of familiarity of Kankana-ey students in Tayaw. *Hinango noong Enero 13, 2023*, sa <https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aajmra/article/view/12269>
- Minster, N. (2023). GotQuestions Ministries. *Hinango noong Mayo 20, 2023*, sa <https://www.gotquestions.org/what-is-prayer.html>
- Nichaves, N. (2021). Kasaysayan ng wika at kultura. *Hinango noong Mayo 12, 2023*, sa <https://www.coursehero.com/file/79224463/FIL67-Unang-Bahagidocx/>
- Ong, M. (2023). Little Big Respect. *Hinango noong Mayo 20, 2023*, sa <http://www.fowpal.org/peak-view/little-big->
- Ozturk, M. (2017). Words with multiple meanings in authentic L2 texts: An analysis of Harry Potter and the Philosopher's Stone. *Hinango noong Pebrero 10, 2023*, sa <https://www.jflet.com/articles/acquisition-of-noun-polysemy-in-english-as-a-foreign-language.pdf>
- Palomado, L. (2022). Ekspresyong Lokal. *Hinango noong Mayo, 2023*, sa <https://www.scribd.com/document/439349751/ekspresyong-lokal>
- Panik, G. (2023). Paglinang sa Kakayahan. *Hinango noong Mayo 20, 2023*, sa <https://www.panitikan.com.ph/bakit-mahalaga-ang-paglinang-ng-tiwala-sa-sarili>
- Piquer, A. (2008). Reasoning figuratively in early EFL: Some implications for the development of vocabulary.
- Ramirez, O. (2021). Konsepto para sa mga salita. *Hinango noong Mayo 19, 2023*, sa <https://tl.warbletoncouncil.org/palabras-positivas-5594>
- Reolalas, F. (2013). The endangered Ilokano terms. *Hinango noong Nobyembre 14, 2022*, sa <https://www.ijser.org/researchpaper/THE-ENDANGERED-ILOKANO-TERMS.pdf>
- Say-ao, S. (2021). Panghihiraya sa mga piling salita ng diyalektong Ibaloi. University of Cordilleras Integrated School. *Hinango noong Setyembre 14, 2022*, sa <https://www.coursehero.com/file/83040675/ICT-CCS-A-ibaloi-groupdocx/>
- Ulfah, Y. F. (2010). Register analysis in English movie advertisements of www.21cinplex.com: A sociolinguistic study. *Hinango noong Nobyembre 22, 2022*, sa [https://www.researchgate.net/publication/27773286\\_Register\\_analysis\\_in\\_english\\_movie\\_advertisements\\_of\\_www21cinplexcom\\_a\\_sociolinguistics\\_study/citation/download](https://www.researchgate.net/publication/27773286_Register_analysis_in_english_movie_advertisements_of_www21cinplexcom_a_sociolinguistics_study/citation/download)
- Valdez, R. (2019). Relationships between first-generation college students and faculty: A case study of a small rural private university. *Hinango noong Setyembre 14, 2022*, sa [https://digital.lib.washington.edu/researchworks/bitstream/handle/1773/36583/Valdez\\_washington\\_0250E\\_15726.pdf?sequence=1](https://digital.lib.washington.edu/researchworks/bitstream/handle/1773/36583/Valdez_washington_0250E_15726.pdf?sequence=1)
- White, M. (2008). Words with multiple meanings. Your Dictionary Article. *Hinango noong Oktubre 14, 2022*, sa <https://grammar.yourdictionary.com/for-students-and-parents/words-with-multiple-meanings.html>
- Zitouni, I. (2011). Introduction to Arabic natural language processing. *Computational Linguistics*, 37, 623-625.